*Binabago ng Krimen ang mga Bagay sa mga Paraang Hindi Mo Inaasahan...*
*...Maaari Kaming Tumulong*



# PROGRAMANG KOMPENSASYON SA MGA BIKTIMA NG KRIMEN

Pangunahing Abogado ng Illinois
Dibisyon ng Prebensyon sa Karahasan at mga Serbisyo sa mga Biktima ng Krimen

**Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Linya ng Tulong sa mga Biktima ng Krimen:**

**1-800-228-3368**

**Ang mga indibidwal na may kapansanan sa pandinig o pagsasalita ay maaaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng paggamit ng 7-1-1 relay service.**

**Bisitahin ang aming website sa:**
**IllinoisAttorneyGeneral.gov**

*Ang Title VI ng Civil Rights Act ng 1964, 42 U.S.C. 2000d et seq., ay nagbabawal sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan sa mga programang tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal. Ang mga taong nagsasalita ng Ingles bilang pangalawang wika na mga aplikante o resipyente sa mga programang tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal ay bibigyan ng mga serbisyo sa pagsasaling-wika at interpretasyon nang walang bayad sa aplikante o resipyente. Kung sa palagay mo ay nadiskrimina ka sa isang programa ng anumang institusyon na tumatanggap ng Pederal na tulong pinansyal, dapat kang makipag-ugnayan kaagad sa Pederal na ahensya na nagbibigay ng naturang tulong.*

KWAME RAOUL
ILLINOIS ATTORNEY GENERAL

# Programang Kompensasyon Sa mga Biktima ng Krimen

Ang Programang Kompensasyon sa mga Biktima ng Krimen [Crime Victims Compensation Program] ay nagbibigay ng pinansiyal na kabayaran sa mga biktima ng marahas na krimen na nakakatugon sa partikular na mga kinakailangan sa pagiging elihible. Ang programa ay inuugitan ng Batas sa Kompensasyon sa mga Biktima ng Krimen [Crime Victims Compensation Act], 740 ILCS 45/1 et seq.

## Ano ang mga pangunahing kinakailangan sa kwalipikasyon?

- **Maghain ng aplikasyon** sa loob ng 5 taon mula sa petsa ng krimen (3 taon pagkatapos ng edad na 18 para sa mga menor de edad o 3 taon mula sa pagkatanggal ng disabilidad).
- **Ipagbigay-alam sa mga tagapagpatupad ng batas** sa loob ng 72 oras mula nang mangyari ang krimen. Sa mga kaso ng sekswal na pang-aatake, sekswal na pang-aabuso, o pagpupuslit ng tao [human trafficking], ipagbigay-alam sa mga tagapagpatupad ng batas sa loob ng 7 araw.
- Makipagtulungan sa mga tagapagpatupad ng batas para maaresto at usigin ang nagkasala.
- Ang mga sumusunod ay nakakatugon din sa pagbibigay-alam at pakikipagtulungan na mga kinakailangan:
  - Pagkuha ng Plenary Order of Protection, Civil No Contact Order o Stalking No Contact Order
  - Pagsasagawa ng kit sa pangongolekta ng ebidensya ng sekswal na pag-atake
  - Pakikibahagi sa isang legal na paglilitis na kinasasangkutan ng isang paghahabol na ang aplikante ay isang biktima ng human trafficking
  - Medikal na paggamot sa isang Medikal na Pasilidad
  - Pag-uulat ng mga sikolohikal na pinsala sa isang Tagapagbigay sa Kalusugang Mental
  - Pagbibigay-alam ng mga pisikal na pinsala sa isang Tagapagbigay sa Kalusugang Mental
  - Krayterya sa Pagbibigay-alam at Pakikipagtulungan para sa mga biktima ng paggamit ng puwersa
- Ang biktima ay hindi dapat ang nagkasala sa gawaing kriminal at hindi dapat ang nag-udyok o nagpasimuno ng krimen.

Ang mga aplikasyon na isinumite sa labas ng itinakdang panahon ng pagiging elihible ay maaaring tanggapin kung matukoy ng Pangunahing Abogado [Attorney General] na ang aplikante ay may magandang dahilan para sa pagkaantala.

### Anong mga marahas na krimen ang maaaring bayaran ng programa?
### Ang Krimen ng Karahasan ay kinabibilangan ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

Sadyang Panununog • First Degree na Pagpaslang • Hindi Sinasadyang Pagpatay ng Tao • Reckless Homicide • Assault & Aggravated Assault • Battery & Aggravated Battery • Pagpupuslit ng Tao • Kidnapping • Pornograpiya ng Bata • Aggravated Criminal Sexual Abuse • Criminal Sexual Assault • Stalking • Domestic Battery • Pagmamaneho nang Lasing • Mga Paglabag sa Protective Orders (Domestic Violence Orders of Protection, Civil No Contact Orders, at Stalking No Contact Orders) • Mga Krimeng Dulot ng Galit • Hit and Run ng Naglalakad/Tao • Hit and Run ng Taong Nagpapatakbo ng Sasakyan na Pinapagana Lamang ng Lakas ng Tao o Gumagamit ng Mobility Device

(Para sa isang listahan ng lahat ng elihibleng krimen ng karahasan, tingnan ang 740 ILCS 45/2(c))

## Anong mga uri ng gastos ang maaaring bayaran ng Programang Kompensasyon sa mga Biktima ng Krimen?

Pagkakaroon ng Akses sa Real at Personal na Ari-arian

Paggagamot sa Kalusugang Mental (Counseling)

Paglilinis ng Pinangyarihan ng Krimen

Lamay/Libing/Kremasyon/ Lapida $10,000 cap

Mga Lock, Pinto, at Bintana

Pagkawala ng Kita/mga Kita sa Hinaharap $2,400/buwan o netong buwanang kita, kung mas mababa

Pagkawala ng Suporta

Pagkawala ng Tuition

Medikal/Ospital/Dental

Pagpapalit: Damit at Kumot/ Kobre-kama na ginamit bilang Ebidensya

Pagpapalit: Mga Parteng Prosthetic

Pagkawala ng Mga Serbisyo sa Pagpapalit

$1,250 bawat buwan

Pansamantalang Panuluyan o Relokasyon

Pagtatanggal ng Trafficking Tattoo

Transportasyon

Paghahakot at Pag-iimbak

Pagpapalit: Mga Salamin sa Mata at Hearing Aid

Mga Bayarin sa Legal na Hanggang $3,500 na kinakailangan dahil lamang sa krimen

*Ang Programang Kompensasyon sa mga Biktima ng Krimen ng Illinois ay nag-aalok ng reimbursement ng hanggang $45,000 ($27,000 para sa mga krimen bago ang 8/7/22) para sa mga gastos na natamo ng mga elihibleng biktima bilang resulta ng isang marahas na krimen.*

---

## Sino ang maaaring mag-apply at anong uri ng kompensasyon ang maaaring matanggap?

### Kapag ang elihibleng aplikante ay:

- ☐ Ang taong pinatay o nasugatan/nasaktan
- ☐ Asawa, magulang, o anak ng taong namatay o nasugatan/nasaktan sa Estadong ito
- ☐ Taong naninirahan sa isang tirahan sa isang relasyon na halos katulad ng sa isang magulang, asawa, o anak
- ☐ Ang taong namatay o nasugatan/nasaktan habang sinusubukang tulungan ang isang biktima
- ☐ Ang taong namatay o nasugatan/nasaktan sa Illinois habang tumutulong sa mga tagapagpatupad ng batas
- ☐ Personal na saksi sa isang krimen
- ☐ Taong tinawag bilang saksi ng prosekusyon upang magtatag ng isang koneksyon
- ☐ Isang residente ng Illinois na nasugatan/ nasaktan sa isang bansang walang Programang Kompensasyon
- ☐ Magulang, asawa, o anak ng isang namatay na tao na ang katawan ay pinutol-putol o ang mga labi ay nilapastangan bilang resulta ng isang krimen ng karahasan
- ☐ Isang indibidwal na nasugatan/nasaktan o namatay sa isang insidente kung saan ang paggamit ng puwersa ng isang tagapagpatupad ng batas ay nagdulot ng pinsala sa katawan o kamatayan sa indibidwal na iyon
- ☐ Isang nasa hustong gulang na walang kakayahan sa pisikal o mental kung ang kanilang tagapangalaga o tagapag-alaga ay isang biktima ayon sa batas
- ☐ Ang legal na tagapangalaga ng isang menor de edad o ng isang taong may legal na kapansanan ay isang biktima ayon sa batas. (Dapat na Legal na tagapangalaga ng menor de edad o ng may kapansanan bago ang petsa ng krimen)

### Magagamit na Kompensasyon:

Lahat ng uri ng kompensasyon na nagreresulta mula sa krimen. Sumangguni sa listahan sa itaas.

## Kapag ang elihibleng aplikante ay:

- ☐ Ang lolo/lola, apo, kapatid, o kapatid sa ama/ina ng isang taong pinatay o nasugatan/nasaktan sa estado bilang resulta ng isang marahas na krimen
- ☐ Ang isang tao, na sa panahon na naganap ang krimen, ay naninirahan sa parehong tirahan kasama ng biktima

## Magagamit na Kompensasyon:

- Sikolohikal na paggamot ng isang mental o emosyonal na kondisyon na sanhi o pinalala ng krimen,
- Pagkawala ng kita dahil sa hindi pagpasok sa trabaho na kinakailangan upang magbigay ng buong oras na pangangalaga para sa biktimang nasugatan/nasaktan,
- Relokasyon kung ang krimen ay naganap sa loob ng tirahan ng aplikante.

## Kapag ang elihibleng aplikante ay:

Sinumang tao na nakikipag-date sa isang taong pinatay sa Estadong ito bilang resulta ng isang krimen ng karahasan

## Magagamit na Kompensasyon:

Sikolohikal na paggamot ng isang mental o emosyonal na kondisyon na sanhi o pinalala ng krimen

## Kapag ang elihibleng aplikante ay:

Isang taong umaako ng legal na obligasyon o kusang nagbabayad para sa mga gastos ng biktima

## Magagamit na Kompensasyon

- Medikal
- Mga gastos sa lamay o libing

***Ang tirahan*** *ay nangangahulugang pangunahing tahanan ng isang tao. Maaaring hilingin sa isang tao na magbigay ng beripikasyon o patunay ng paninirahan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, kasunduan sa pag-upa, utility bill, rehistrasyon ng lisensya, dokumentong nagpapakita ng mailing address, pay stub, tax form, o notarized statement.*

***Ang pakikipag-date*** *ay nangangahulugang isang relasyon na kasalukuyan, tuluy-tuloy, romantiko, ligawan, o pagiging engaged, na kadalasang nailalarawan ng mga kilos na likas na intimo o sekswal o isang ekspektasyon ng pagmamahal. Hindi kabilang sa "pakikipag-date" ang isang kaswal na pagiging magkakilala o ordinaryong pakikipagkaibigan sa pagitan ng mga tao sa isang negosyo o sa panlipunang konteksto.*

# PAGPOPROSESO AT PAGBABAYAD NG MGA PAGHAHABOL SA CVC

## Ano ang mangyayari kapag natanggap ng Programang Kompensasyon sa mga Biktima ng Krimen ang aking aplikasyon?

- Ang iyong aplikasyon ay susuriin.
- Kukunin ng aming tanggapan ang ulat ng pulisya at iba pang mga dokumento na kinakailangan upang matukoy ang iyong pagiging elihible.
- Ikaw ay makakatanggap ng tawag sa telepono mula sa aming tanggapan para magsagawa ng isang panayam.
- Kung ikaw ay elihible, ikaw ay makakatanggap ng liham na humihiling sa iyo na magsumite ng patunay ng iyong mga pagkalugi sa loob ng 45 araw pagkatapos matanggap ang liham.
- Beberipikahin ng aming tanggapan ang iyong mga pagkalugi at gagawa ng rekomendasyon na susuriin naman ng Court of Claims.
- Isang liham ang ipapadala sa iyo ng aming tanggapan na may rekomendasyon ng gawad at ang lahat ng mga inirerekomendang pagbabayad ay ibibigay ng Comptroller's Office ng Illinois.




## Saan Mag-a-apply

**Maaaring isumite ang mga aplikasyon online:**
https://forms.illinoisattorneygeneral.gov/Forms/CrimeVictims_CompensationRequest

o

**Ang mga aplikasyon ay maaaring i-download sa:**
https://illinoisattorneygeneral.gov/safer-communities/supporting-victims-of-crime/ crime-victim-compensation/

## Kailangan ko bang gumamit ng insurance o iba pang mga mapagkukunan ng

Oo. Ang Programang Kompensasyon sa mga Biktima ng Krimen ng Illinois ay ang nagbabayad bilang kahuli-hulihang paraan. Ang lahat ng iba pang pinagkukunan ng pagbabayad ay dapat na maubos bago ang isang gawad ay maaaring ibigay ng Programang Kompensasyon sa mga Biktima ng Krimen.

Ang pagbabayad ay hindi irerekomenda para sa mga gastos o pagkalugi na maaaring sagutin ng anumang iba pang maaaring mapagkukunan, kabilang ang mga sumusunod: insurance sa medikal, kalusugan, dental, o paningin, Public Aid, Medicare, mga diskwento na makukuha sa ilalim ng Hospital Uninsured Patient Discount Act, Mga Benepisyo sa Kompensasyon ng Manggagawa, life insurance, auto insurance, bayad-pinsala, at anumang iba pang rasonableng mapagkukunan.

## Anong mga uri ng gastos ang hindi maaaring bayaran ng Programang Kompensasyon sa mga

- Anumang mga gastos na walang kinalaman sa krimen
- Sakit at pagdurusa
- Ninakaw, nasira o nawalang ari-arian (maliban sa mga lock, pinto at bintana)

## Kukunin ko ba ang pera para sa kompensasyon?

Ire-reimburse sa iyo ang bayad para sa iyong mula-sa-bulsa na mga gastos na binayaran o direktang ire-reimburse sa mga tagapagbigay ng serbisyo kung ang mga bayarin ay hindi pa nababayaran. Ang kompensasyon ay hindi makukuha para sa mga gastos na hindi pa nababayaran o sinisingil ng isang vendor.

## Paano kung ang aking paghahabol

Maaari mong iapela ang pagpapasya sa pamamagitan ng korte ng mga paghahabol. Ang impormasyon tungkol sa mga proseso ng apela ay isasama sa isang liham ng pagpapasya na ipinadala mula sa tanggapan ng Pangunahing Abogado [Attorney General].

## Paano kung babaguhin ko ang aking adres o numero ng telepono pagkatapos kong isumite ang aking

Abisuhan ang tanggapan ng Pangunahing Abogado para i-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Kung hindi ka makontak ng tanggapan, ang gawad ay hindi maaaring irekomenda.

## Anong patunay ng aking mga gastos ang dapat kong itago?

Itago ang mga resibo, mga bill, at anumang iba pang patunay ng pagbabayad para sa lahat ng mga bagay na hinahangad mong makatanggap ng kompensasyon.

## Paano kung ang aking paghahabol ay isinara nang walang bayad dahil hindi ko mahanap ang mga bill o mga resibo?

Kapag nahanap mo na ang mga dokumentong kinakailangan para makatanggap ng kompensasyon, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Pangunahing Abogado para hilingin na muling buksan ang iyong paghahabol.